# Office of the President

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

## 8888 Citizens' Complaint Hotline

| | |
|---|---|
| Ticket Reference Number : | **W20230808-956-10** |
| Status: | Ticket indorsed |
| Head of Agency : | N/A |
| Agency : | Department of Environment and Natural Resources |
| Agency Address : | N/A |
| Attention (Focal Person) : | USEC. Marilou G. Erni |

Pursuant to Executive Order No. 6[1], s. 2016, may we respectfully transmit the following concern received through the 8888 Citizens' Complaint Hotline:

| | |
|---|---|
| Date: | 8 August 2023 |
| Name of Client: | N/A |
| Address: | N/A |
| Contact Details: | N/A<br>N/A<br>N/A |
| Nature of call: | 2023 - Integrity And Conduct - Employee |
| Subject: | Alleged Irregularities of an Employee in the Department of Environment and Natural Resources (DENR) Community Environmental and Natural Resources Office (CENRO) Sablayan, Occidental Mindoro (For Refer... |

Details:

Sa amin pong DENR Regional Executive Director Felix S. Mirasol Jr. Nais ko pong ireklamo ang illegal at hindi tamang paggamit ng mga kumpiskadong kahoy ng tanggapan ng DENR sa pamumuno ni CENRO Anastacio Santos. Iniutos niya na ilipat mula sa dating opisina sa Mamburao patungo sa Log Warehouse sa Yapang, Sablayan, Occidental Mindoro ang mga piniling magagandang kahoy na narra at ipil na nakumpiska ng mga nagdaang CENRO. Tama naman na ito ay itago sa nakalaang warehouse, subalit ang malaking kalokohan po ay ang ipagawa ang lahat ng mga ito sa furniture bilang mga pinto at lamesa at mga aparador para sa pansariling interes. Ang sabi pa sa may-ari ng furniture ay gawin ang mga nasabing lamesa, pinto at iba pa dahil ito ay ibibigay sa “malacañang”. Ang anim na pirasong pinto naman ay sa opisina daw ng CENRO-Sablayan gagamitin. Tama po ba ito? Idagdag pa dito ang pinagawang aparador. Saan nga kaya dinala itong mga pinto na mga ito gayong wala namang bagong pinto sa opisina nila. Nagsamantala si CENRO Anastacio Santos sa kanyang panunungkulan ng gamitin niya ang kanyang pwesto upang gawin ang panlalamang para sa pansariling interes. Bakit niya sinasabi na dadalhin niya sa Malacañang ang mga nasabing lamesa at pintuan na gawa sa magagandang uri ng kahoy. Alam kaya ng Mahal na Pangulong Ferdinand Bongbong Marcos Jr. ito dahil siya ang pinuno sa Malacañang? Ang taong bayan ay nagtatanong kung tama ba ang ganitong gawain ng isang namumuno sa DENR. Pababayaan na lang po ba natin ang ganitong gawain sa ating gobyerno? Ang inyo pong patas at makabayang aksyon ay aming inaasahan. Sana po ang inyong aksyon ay magkaroon ng saysay para na rin sa mga taong naniniwala sa inyong tanggapan at hindi papabor sa mga taong mapagsamantala sa katungkulan. Ang may-ari po ng Furniture shop ay si Mr. Jepse Duron sa may West Coast Road po ng Sablayan matatagpuan at napakalapit po sa opisina ng DENR Sablayan.

Note: This concern has been lodged through the 8888 Website.

*Information contained in this communication is privileged, confidential and intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and others authorized to receive it. If you are not the intended recipient, you must not disclose or use the information contained in it. If you have received this communication in error, please notify the 8888 Citizens' Complaint Center immediately and dispose this communication in accordance with the provision of Republic Act No. 10173, otherwise known as Data Privacy Act of 2012.*

Please be reminded of Section 5 of EO No. 6, which states that "a citizen's concern lodged through any of the communication channels shall have a concrete and specific action within 72 hours from the receipt of the concern by the proper government agency or instrumentality".

Kindly send your reply directly to the concerned person/entity, copy furnished the 8888 Portal thru your agency 8888 Focal Team, citing the above ticket reference number. Thank you very much.

"Institutionalizing the 8888 Citizens' Complaint Hotline and Establishing the 8888 Citizens' Complaint Center", under the direction and supervision of the Office of the Executive Secretary.

*************** This is an automatically generated email, please do not reply **************